


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1
## Pagsasama ng mga Katinig, Patinig upang Makabuo ng Salitang may Klaster at Diptonggo



**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Charizza Joy S. Henterone, Shella C. Marmojada |
| **Editor:** | Gerdie O. Dela Cerna |
| **Tagasuri:** | Junalyn O. Muñoz, Aimee Into |
| **Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** | |
| **Tagalapat:** | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| **Tagapamahala:** | SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI |
| | ASDS Visminda Q. Valde, EdD |
| | ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE |
| | ASDS Juliet A. Magallanes, EdD |
| | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| | EPS Josephine L. Tomboc, EdD |




# Alamin

- Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang klaster. **(F3KP-IIIh-j-11)**



# Balikan

Piliin ang tamang pang-ukol na ginamit sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Ayon sa mga eksperto, kailangan nating magdoble ingat sa panahon ngayon sapagkat padami ng padami ang nagkakasakit ng COVID-19.
   A. para sa    B. ayon sa    C. tungkol sa

2. Pinaaalahanan palagi ang lahat na mag-ingat laban sa kumakalat na sakit ngayong panahon.
   A. laban sa    B. tungkol sa    C. para sa

3. Nagbibigay ng donasyon ang mga tao para sa mga nasalanta ng bagyong Ulysses.
   A. tungkol sa    B. para sa    C. ayon sa



## Tuklasin

Tignang mabuti ang mga larawan na nabanggit sa teksto at kilalanin ang mga ito. Isulat sa iyong kwaderno ang tamang sagot.

1.  2.  3.  4.  5. 

1. ________________ 3. ________________ 5. ____________

2. ________________ 4. ________________



## Suriin

Ang kambal katinig o klaster ay mga salitang mayroong magkadikit o pinagsamang dalawang magkaibang katinig sa loob ng iisang pantig ng salita tulad ng br, pl, dr, gr, ts, kw, dy, tr, pr, bl, kl, gl atbp..

Basahin ang mga halimbawa ng klaster o kambal katinig:

| kw | tr | pl | pr | gr | dy | ts |
|---|---|---|---|---|---|---|
| kwarto | tren | plaka | prutas | grasya | dyip | tsuper |
| kwintas | troso | plato | programa | gripo | dyosa | tsinilas |
| kwaderno | trumpo | eroplano | prinsesa | gramo | dyamante | tsokolate |



## Isaisip

Ang kambal katinig o __________ ay mga salitang mayroong magkadikit o pinagsamang dalawang magkaibang ___________ sa

loob ng iisang ________ ng salita tulad ng br, pl, dr, gr, ts, kw, dy, tr, pr, bl, kl, gl atbp..

Halimbawa: prutas, tsinelas, braso



# Isagawa

Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang salita ay kambal katinig o klaster at ekis (**X**) kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

______1. tsokolate

______2. sapatos

______3. Prinsesa

______4. payong

______5. kros



# Tayahin

Piliin ang salitang may kambal katinig o klaster na ginamit sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Nagsusuot ng sombrero ang mga magsasaka sa tuwing sila ay nasa bukid.
   A. sombrero B. magsasaka C. bukid

2. Paborito kong kainin ang prutas na bayabas.
   A. paborito B. prutas C. bayabas

3. Si Ana ang prinsesa ng kahariang Arendelle.
   A. prinsesa B. Ana C. kaharian

4. Magkano ang isang gramo ng sebuyas?
   A. sebuyas B. magkano C. gramo

5. Sa Disneyland planong magbakasyon nina Troy at Reyn.
   A. Disneyland B. plano C. magbakasyon



# Alamin

● Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang may diptonggo. **(F3KP-IVi-11)**



# Balikan

Basahin ang maikling kwento sa ibaba. Kopyahin ang salitang may klaster sa inyong sagutang papel.

**Ang Kaarawan ni Trina**

Magdiriwang ng ika-siyam na taong kaarawan si Trina ngayong susunod na linggo. Bawat isa ay may ginagawa para sa paghahanda. Ngunit nagkaroon ng kaunting problema dahil nasira ang gripo sa may kusina. Nakumpuni naman ito agad ng tubero. Habang abala ang lahat, amoy na amoy nila ang pritong saging sa may kusina. Tinapik naman ni kuya ang braso ni Trina sabay ngiti dahil magmimiryenda na. Nakahanda na ang mga plato at baso nang lumabas si ate mula sa kwarto. Masaya ang lahat sa paghahanda para sa kaarawan ng bunsong si Trina.

*Pinagkukunan:* Sariling gawang kwento ni G. Bryan P. Telempros


Mga Tanong:

1. Sino ang magdidiwang ng kanyang kaarawan?
   ______________________________________
2. Ano ang naging kaunting problema habang naghahanda sila?
   ______________________________________
3. Ano-ano ang nakahandang gagamitin nila para sa miryenda?
   ______________________________________



## Tuklasin

A. Bigkasin ang pangalan ng bawat larawan. Punan ng aw, iw, ay, at oy ang patlang upang mabuo ang bawat salita.

1. bah_____  2. sukl_____  3. ap_______ 



## Suriin

Maraming mga salita sa ating wika ang nagtatapos sa *aw, iw, ow, ay, ey, oy,* at *uy.*

Ang pinagsamang patinig *a, e, i, o, u,* at katinig na *w* at *y* sa isang pantig ay tinatawag na *diptonggo.*

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| punongkahoy | dilaw | kapitbahay |
| gulay | patuloy | daloy |



## Isaisip

Sa pagsulat at pagbabasa ng mga natutunang salita ay dapat mananatili sa tama at wastong pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita.

**Tandaan:**

- kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa
- sa unang tingin, tandaan mo ang tamang mga letra ng mga salita sa ating wika na nagtatapos sa aw, iw, ay, ey, oy at uy;
- gumamit ng maliit na letra sa pagsulat ng karaniwang salita;

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| 1. matiwasay | 2. magiliw |
| Mga pantig: ma/ti/wa/say | Mga pantig: ma/gi/liw |
| Tama: matiwasay | Tama: magiliw |
| Mali: ma-te-wa-sai | Mali: magelew |



## Isagawa

Basahin ang talaan ng mga salita. Piliin ang mga salitang nagtatapos sa diptonggo. Bilugan ang huling pantig na nagtatapos ng may diptonggo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. sigaw | 2. dilaw | 3. aliw | 4. Petsa | 5. kahoy |
| kalabaw | ikaw | sisiw | gulay | baboy |
| ngiyaw | bughaw | baliw | kulay | totoy |



## Tayahin

Basahin ang mga talaan ng mga salita. Piliin at bilugan ang mga salitang nagtatapos sa diptonggo. Bigkasin ng malinaw ang huling pantig.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| aliw | bahay | tamis | ilaw | Onyang |
| bawas | bataw | tinapay | tatay | giliw |
| kahoy | sisiw | singaw | walis | bilin |

# Susi ng Pagwawasto

**ARALIN 1**

**BALIKAN:**
1. B
2. A
3. B

**TUKLASIN:**
1. prinsesa
2. tren
3. blusa
4. tsokolate
5. kwintas

**ISAISIP**

klaster,
katinig,
pantig

**ISAGAWA**
1. ✓
2. X
3. ✓
4. X
5. ✓

**TAYAHIN:**
1. A
2. B
3. A
4. C
5. B

**ARALIN 2**

**BALIKAN:**
1. Trina
2. Nasira ang Gripo sa may kusina
3. Mga plato at baso

**TUKLASIN:**

B.
1. bahay
2. suklay
3. apoy

**ISAGAWA:**

1.aw
2.oy
3. ay
4. aw
5. iw

**TAYAHIN:**

Aliw, kahoy, ilaw, bahay, bataw, sisiw, tatay, tinapay, singaw, giliw